**Ulat Balita ng Kinatawan ng Kongreso para sa Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki**
**Isyu bilang: 51**

KAWASAKI CITY
川崎市

Pinamamatnugutan at inilathala ng:Tanggapan ng pantao at Pagkakapantay-pantay Ng Kasarian kawanihan ng Kapakanan ng mga mamamayan at Bata Tanggapan ng Lungsod ng Kawasaki　Petsa ng paglathala:Enero 15, 2014
（Wikang Hapon）http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
（Madaling salitang Hapon）http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html

# Ika-10 term ng kinatawan ng pagpupulong

Idinaos sa Kawasaki International Center noong ika-20 ng Abril (Linggo) ang unang araw, unang bahagi ng pagpupulong ng ika-10 term ng Kinatawan ng pagpupulong.　Sa unang pagpupulong ay iginawad ni Ginoong Sunada (bise mayor) ang sertipiko ng pagtitiwala sa mga kinatawan at ang mensaheng [sa panahong pagsusumite ng mga panukala ng mga kinatawan ay tamang-tamang ika 20 taon na ang pagpupulong] Upang maging maayos na tirahan ang lugar ng Kawasaki, ipinakiusap nitong sa pamamagitan ng iba't-ibang kalagayan at masigasig na diskusyon ay nawang makakabuo ng magandang panukala」ayon pa sa kanyang mensahe.




Pagkatapos nito,　isa-isang nagpakilala ang 26 na kinatawan mula sa may 200 kataong aplikante mula sa 16 na bansa at tinalakay ang kani-kanilang balak. Nahirang para sa pangulo ng kinatawan si Kim Sunok (Penang) at ang bise ay si Charles Olson (Amerika) Inaasahang magiging mas maayos ang pamumuhay sa Lungsod ng Kawasaki sa mga bagong napiling mga kinatawan.

## Nais mong makinig sa pagpupulong?

### -Iskedyul ng pagpupulong ng mga kinatawan sa taong 2014-

Lugar:Kawasaki International Center

（Tokyu Toyoko•Meguro Line, 10 minuto lakarin mula istasyon ng Motosumiyoshi）

Mapa: http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml

Oras:　alas-2 hanggang alas-5 ng hapon


Ikatlong beses 1st day:10/19（Linggo）
Ikatlong beses 2nd day:12/7（Linggo）
Ika-apat na beses 1st day:1/18（Linggo
Ika-apat na beses 2nd day:2/15(Linggo)

＊＊＊＊＊＊＊

Inaanyayahan ang lahat sa pagpupulong! Maaaring manood (making)ang kahit sinuman!

**<Paalala: Open Forum>**

- ■ 11/16（Linggo）gaganapin ang Open Forum.
- ■ Lugar:Nakahara Shimin kan
- ■ Oras:alas 2 hanggang alas 5 ng hapon



# Pagpapakila sa mga kinatawan ng ika-10 term



～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～

**Bilang kinatawan ng lahat ng dayuhan sa Lungsod ng Kawasaki Sa loob ng 2 taon, Makikipagtulungan, mag-aaral at magsusuri Tungkol sa iba't-ibang suliranin.**

～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～～

①Pangalan

②Nasyonalidad・Bansa

③[kasalukuyang damdamin」「mga nais talakayin sa pulong」

④Paboritong salawikain、bagay atbp.

**＜Pangulo＞**



①Joachim Senou
②Penang
③Nais makatulong sa pagsasakatuparan ng sistema para sa pagtatag ng bayan sa pamamagitan ng paggamit ng kakayahan ng mga residenteng dayuhan.
④Keiseisaimin(Pagsasa-ayos ng kamunduhan, Pamahalaang magliligtas ng mamamayan mula sa kahirapan)

**＜Bise-pangulo＞**



①Charles Olson
②Amerika
③Interesado ako sa magiging resulta ng magagawa ko sa loob ng 2 taon. Nais kong mapag-usapan ang tungkol sa pagtatag ng internasyunal na lokalidad, pakikipag-kapwa tao at paghahanapbuhay.
④Kalayaan、Pagkakapantay-pantay、pagmamahal sa kaibigan.



①Sunok Kim
②Korea
③Nais kong talakayin ang kalagayan ng mga mahihirap at mga inaapi lalo na ang mga may edad at mga batang nasa ilalim ng welfare.
④Okay lang 、 may paraan diyan.



①Yuancong Ye
②Tsina
③Nais kong mahalin ang bansang hapon bilang pangalawang bansa.
④Nasa Diyos ang awa nasa tao ang gawa.



①Jia Hui He
②Malaysia
③Ikinagagalak kong maging bahagi ng kinatawan. Nais kong ipamahagi ang opinyon ng mga kabataan.
④Tumawa ng marami, Kumain ng marami at mamuhay ng masaya.



①Gajender Sharma
②India
③Nais kong talakayin ang pagsasa-pandaigdig.
④To inspire change you have to first open yourself to accept change around you



①Siriwan Nakada
②Thailand
③Nais kong talakayin kung paano magiging maayos ang pamumuhay ng mag-asawang dayuhan at ang mga anak nila
④Ang libong gawain ay nag-uumpisa sa unang hakbang.



①Elena Suzuki
② Russia
③Nais kong malaman ang mga problema ng dayuhan sa Kawasaki at pag-aralan ang mga ito.
④Magsikap sa pag-unlad Pagpapalaki ng bata magagandang bagay.



①Brandon Siefken
②Amerika
③Bilang kinatawan ng mga dayuhan ng Lungsod ng Kawasaki nais kong iparating sa kinauukulan ang kanilang mga hinaing.
④Kaligayahan



①Bing Quing Zhang
②Tsina
③Ipagpatuloy ang naumpisahang Tema at makipagtalakayan sa mga bagong miyembro ng kinatawan.
④Bigyang halaga ang bayat araw para sa masayang pamumuhay.



①Sang Choi
②Korea
③Maayos na tirahan para sa mga dayuhan at hapon. Mapanatag, Ligtas na lokalidad. Pagpapatatag ng pag-iingat sa Kalamidad, Edukasyon pang-bata.。
④하면 된다.（Pag ginusto, mangyayari）



①Fongchu Mo
②Taiwan
③Nakakaramdam ng responsibilidad sa pagiging kinatawan. Nais makipagtulungan sa pagpapalaganap ng multi-language sa edukasyon.
④Karanasan at Challenge



①Beatriz Izumi Sonoda
②Brazil
③Pakikipagpalitan ng impormasyon tungkol sa [Edukasyon]kasama ang mga kinatawan sa loob ng 2 taon.
④Mag-umpisa sa konting kakayahan patungo sa kinabukasan.



①Jianquan Liu
②Tsina
③「Kelan kikilos? Ngayon na!」ang motibo ko sa pagpupulong.
Paunlarin ang kalagayan ng pagpapalaki ng bata para sa mga ama.。
④May daan para sa mga may matatag na kalooban



①Asuka Hirachan
②Nepal
③Bilang nasa panahon ng pagpapalaki ng anak, nais kong maging mabuti at maayos ito para sa dayuhan at hapon dito sa Kawasaki
④Ang pagkakataon ay minsan lang sa buhay.



①Edward Kasengwa
②Kenya
③Makipagtalakayan sa ibang miyembro ng kinatawan tungkol sa mga pagsubok sa Edukasyon at kalagayan ng pagpapalaki ng bata。
④Ang tagumpay ay imposible hangga't hindi nangyayari.



①Hailey Jimmie Wong
②Tsina
③Makatalakay ang mga kinatawan at upang makatulong sa pagpapaganda ng buhay sa lokalidad
④Mas magandang magsisi sa ginawa kaysa pagsisissi dahil hindi ginawa.



①Riezel Ramos Takahashi
②Philippines
③Nais pag-isipan ang tungkol sa maayos na tirahan para sa dayuhan at hapon.
④Pagandahin natin ang daigdig



①Jialin Ren
②Tsina
③Nais mapag-usapan ang tungkol sa pakikisali ng mga dayuhan sa mga ibento at piyesta
④May puwersa sa pagpapatuloy ng gawain



①Minsuk Gong
②Korea
③Upang mapalaganap at makilala ang kinatawan ng pagpupulong nais kong i-PR ito.。
Nais makatulong sa pagpapabuti ng paghahanap ng trabaho para sab mga Caregivers.
④Darating ang swerte sa mga masayahin.



①Fabio Yoshinori Kawamoto
②Brazil
③Magsusumikap at makipagtulungan upang mapabuti at mabago ang pamumuhay ng mga residenteng dayuhan ng Kawasaki.
④Mahalin ang kapwa na parang walang bukas na darating.



①Oksana Bartkova
②Ukraine
③Matalakay ang mga problema ng mga dayuhan. Magsusumikap makagawa ng mabuting panukala.
④Karunungan sa pag-iisip ng tatlong utak



①Jerry Villamor
②Philippines
③Matuklasan ang mga problema ng dayuhan at mapaunlad ang pamumuhay sa pamamagitan ng pag-uusap ng lahat
④There is always light behind the clouds…



①Sang Woo Ha
②Korea
③Sa pamamagitan ng pagpupulong ng kinatawan, makakatulong sa lipunan tungo sa mas magandang pamumuhay at maipatupad ang pagtatag ng magandang lokalidad,
④Milagros a pagkakakilala.




①Daniela Dittmar
②Germany
③Upang makatulong sa pagpapalawak ng pagtingin ng mga susunod na henerasyon tungkol sa kinabukasan sa pamamagitan ng [Global Interaction]sa Kawasaki.。
④Der Weg ist das Ziel（(Patungo sa Layunin) ang Daan ay Pakay）



①Ngoc Bao Linh Nguen
②Vietnam
③Pagbubutihin ko ulitsaterm na ito.Upang makapamuhay ng Masaya sa Lungsod ng Kawasaki.
④Nasa tabi mo lang ako.


# Mga Gawain at panukala ng ika-9 term ng taong 2013

## Pinahayag sa Alkalde at tanggapan ng kinatawan ng pagpupulong



Ipinahayag at inabot sa Alkalde ng Lungsod ng Kawasaki na si Ginoong Norihiko Fukuda nina Pin Wang, pinuno ng kinatawan at Gajender Sharma, bise-pangulo ng kinatawan at David Chart ng pinuno ng Seksyon ng panlipunang pamumuhay ng ika 9 na term, ang mga sumusunod na panukala:「Pagpapa-unlad ng serbisyong bigay ng tanggapang pampamahalaan (pagbibigay ng impormasyon・tanggapan ng serbisyo)」「Suporta sa mga tahanang edukasyon sa mga tagapangalaga o magulang」「Kumilos para sa pagbabago ng pamamahala ng imigrasyon」na mga panukala.Ang Alkaldeng Fukuda ay nagsabing「Ang kinatawan ng pagpupulong ng Lunsod ng Kawasaki ay nakilala na at laganap na sa buong bansa」「Habang pinapakinggan at binabasa ang mga pahayag at panukala, karamihan dito ay mga bagay na masasabi kong "kaya pala"」「Sa natanggap kong nilalaman ng mga panukala, bibigyang pansin ko at inaasahang ipapalaganap ko sa mga sistema ng lipunan」sa abot ng aking makakaya. Noong ika-21 ng Mayo (Miyerkules, ako ay dumalo sa kumperensiya ng mga mamamayan ng Lunsod at ipinahayag ko ang mga nilalaman ng mga panukala ng ika-9 na term ng taong 2013.

Ang mga detalyadong nilalaman ng mga panukala sa taong 2013 ay matutunghayan sa Newsletter No. 50. Makikita dito ang mga panukala, kalagayan at mga dahilan at paliwanag. Ito ay inilathala sa iba't-ibang lingguwahe at mababasa ito bukod sa wikang hapon. Ipinamimigay din ang Newsletter sa Shiryo corner, mga civic halls at mga Aklatan. Maaari ding i-download ito sa Official site ng Lungsod.




## ■Kolum「Tag-lagas sa bansang Hapon — Pagkain saTag-lagas — 」

Sa bansang hapon, mula pa nung unang panahon, kapag sinasabing (Shun) may kaugalian silang kumain ng mga napapanahong pagkain. Ang (Shun) ay tumutukoy sa mga pagkain na kung saan inaani sa panahong ito. Panahon na masarap ang pag-kain ng bagong ani. Lalo na sa panahon ng tag-lagas (AKI) mayaman ang mga napapanahong gulay o prutas at isda.

Kapag sinabing (Aki no mikaku) popyular at kakaiba ang Matsutake (Kabute), Sa mga nagdaang panahon ay medyo bumaba ang bilang ng mga ani at nagmahal ang presyo nito kung kaya't naging pagkain nalang ito ng mga mayayaman. Sa mga pangkaraniwang mamamayan naman ay ang Sanma (isdang Saury). Mula sa buwan ng Agosto hanggang Nobyembre manggagaling ang isdang ito dala ng agos ng dagat ng Hokkaido pababa. Napapanahon ang pangingitlog ng isdang ito kayat mamantika ito at masarap！Karaniwang paraan ng pagluluto nito ay, binububuran ng asin at iniihaw ito ng medyo sunog. Pinipigaan ng lemon o sudachi o kabos at kinayod na labanos. Walang lasang malansa at masarap ulamin at pang-pulutan.

Ang tag-lagas ay panahon din ng prutas. Sa Kawasaki ay sikat bilang taniman ng peras na tinatawag na (Chojuro). May pamitasang sikat sa bandang Distrito ng Tama. Halina at subukang sumakay sa nambu line at pasyalan ang mga lugar na ito..



(Sunok Kim)

【Katanungan】

Tanggapan ng mga karapatang pantao at pagkapantaypantay ng kasarian, Kawanihan ng kapakanan Ng mga Mamamayan at mga Bata sa Lungsod ng Kawasaki

1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-8577

Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa News letter at Kapulungan

Ang papel na ito、ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.

R70 古紙パルプ配合率70%再生紙を使用